*Mayo 16*

## SAN UBALDO
Obispo at Kumpesor

*III cl. • Semidoble • Puti*

*Mula sa* Para sa Confesor na Obispo "Státuit ei," *maliban sa sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**AUXÍLIUM** tuum nobis, Dómine, quǽsumus, placátus impénde: et, intercessióne beáti Ubaldi Confessóris tui atque Pontíficis, contra omnes diáboli nequítias déxteram super nos tuæ propitiatiónis exténde. Per Dominum.

**PARA** mo nang awang tulungan kami, O Panginoon, at pakundangan kay San Ubaldo na iyong Kumpesor at Obispo, iunat mo para sa aming kapakanan, ang iyong mahabaging kanang kamay laban sa lahat ng kabalakyutan ng diyablo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Mayo 17*

## SAN PASCUAL BAYLON*
Kumpesor (Pari)

*III cl. • Doble • Puti*

**Para sa mga simbahan at orden sa Pilipinas na siya'y pinipintakasi, ang antas ng pagdiriwang ay mahahanay sa* I *at* II clase.

*Mula sa* Para sa Confesor na hindi Obispo "Os justi," *maliban sa sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui beátum Paschálem Confessórem tuum mirífica erga Córporis et Sánguinis tui sacra mystéria dilectióne decorásti: concéde propítius; ut, quam ille ex hoc divino convívio spíritus percépit pinguédinem, eándem et nos percípere mereámur. Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

**O DIOS,** pinagkalooban mo si San Pascual na iyong Kumpesor, ng isang maningning na pag-ibig para sa Iyong Mahal na Katawan at Dugo: kaawan mo kami't pagbigyan na magingdapat kaming makasalo sa gayunding nag-uumapaw na biyaya na tinanggap niya sa banal na piging na ito: Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

*Mayo 18*

## SAN VENANTIO
Martir

*III cl. • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa Iisang Martir sa Panahon ng Pascua "Protexísti,"*; ngunit kung ito'y mapagdiriwang na makaraan ang Pasko ng Pagkabuhay, ang Misa ay mula sa* Para sa Iisang Martir "In virtute," *at ang Ebanghelyo nama'y mula sa* Para sa Iisang Martir na Obispo "Statuit.

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui hunc diem beáti Venántii Mártyris tui triúmpho consecrásti: exáudi preces pópuli tui et præsta: ut, qui eius mérita venerámur, fídei constántiam imitémur. Per Dóminum.

**O DIOS,** pinaging-banal Mo ang araw na ito sa pagtatagumpay ni San Venantio na iyong Martir: pakapakinggan po sana ang panalangin ng iyong bayan, at ipagkaloob mong kaming dinarakila ang kaniyang pagka-uliran ay tularan siya sa pananalig na sakdal-tibay. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**HANC** oblatiónem, omnípotens Deus, beáti Venántii mérita tibi reddant accéptam: ut, ipsíus subsidiis adiuti, glóriæ eius consortes efficiámur. Per Dominum.

**PAKUNDANGAN** kay San Venantio, O Dios na makapangyarihan, gawin mong katanggap-tanggap ang aming mga iniaalay sa iyo, at sa tulong niya'y maging kabahagi kami sa tinanggap niyang kaluwalhatian. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**SÚMPSIMUS,** Dómine, ætérnæ vitæ sacraménta, te humiliter deprecántes: ut, beáto Venántio Mártyre tuo pro nobis deprecánte, véniam nobis concílient et grátiam. Per Dominum.

**KAMING** pinapagsalo mo sa sakramento ng buhay na walang hanggan, pakumbaba kaming dumudulog sa iyo, O Panginoon, upang sa padalangin para sa amin ni San Venantio na iyong Martir, nawa'y ipagkaloob naman sa amin ang kapatawaran at kabanalang inaasam. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*